Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
Kagawaran ng Edukasyon
(Department of Education)
Rehiyon VIII
DIBISYON NG TACLOBAN CITY
Lungsod ng Tacloban

Agosto 24, 2023

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. 502 s. 2023

PALIGSAHAN SA PAGSULAT NG TULA AT MAIKLING KUWENTO

Sa mga: PINUNO, DIBISYON NG PAGPAPATUPAD NG KURIKULUM (CID)
PINUNO, DIBISYON NG PAGPAPATAKBO NG PAMAMAHALA NG MGA PAARALAN (SGOD)
SUPERBISOR NG DISTRITO NG MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN
PUNONG GURO NG MGA PAARALAN PAMPUBLIKONG ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA

==========

1. Alinsunod sa **Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s. 2023 at Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997**, Ang Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31, 2023 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023, na may temang **Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Inglusibong Pagpapatupad ng Katarungan Panlipunan** ang Dibisyon ay magkakaroon ng paligsahan sa pagsulat ng Tula at Maikling Kuwento para sa lahat ng mga guro at kawani ng Dibisyon ng Lungsod ng Tacloban. Ang paligsahan ay gaganapin sa buwan ng Agosto. Ang lahat ng kalahok ay magsumiti ng kanilang mga likha sa link na https://drive.google.com/drive/folders/1IcyPrmWUL0MxMe3ppk4GEOrP6pS1I5Tt?usp=sharing o kay Ronald Llaneta EPS, Filipino bago sa araw o mismo sa Agosto 31, 2023.

3. Ang layunin ng paligsahan ay:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Kalakip ng Memorandum ang panuntunan at krayterya ng paligsahan.

5. Hinihingi ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RELEASED
Date: 8/24/23
Time: 2:25 PM
Signature:

JUDELLA RUIZ-LUMPAS EdD. CESO VI
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Panuntunan sa Pagsulat ng Tula

1. Ang paligsahan ay bukas sa lahat ng kawani ng Dibisyon ng Tacloban at kaguruan at mula sa iba't ibang paaralan.
2. Ang paligsahan ay magaganap online.
3. Isa hanggang dalawang entry ang maaaring ipasa ng bawat kalahok.
4. Wikang Filipino lamang ang gagamitin sa pagsulat ng tula.
5. Binubuo ng limang saknong na mayroong apat na taludtod ang tulang isusumite.
6. Nakabatay sa tema ng Buwan ng Wikang Pambansa ang tula.
7. Maaaring magbigay ng sariling pamagat ng tula.
8. Ang inyong entry ay maaring ipasa sa google drive na ito:_____
9. Ang huling araw ng pagsumite ay Agosto 29, 2023 hanggang ika-lima ng hapon.
10. Mayroong tatlong kalahok na magtatamo ng mga gantimpalang:

Unang Gantimpala	1,000 Php
Ikalawang Gantimpala	700 Php
Ikatlong Gantimpala	500 Php

Samantala makatatanggap ng halagang 50.00 Php sa 10 entry na di magwawagi sa paligsahan.

11. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at di mababago.

Pamantayan sa Pagsulat ng Tula

Kaugnayan sa Tema	35%
Organisasyon ng Diwa	20%
Estilo o dating	25%
Orihinalidad	20%
Kabuuan	100%

Panuntunan sa Pagsulat ng Maikling Kuwento

1. Ang paligsahan ay bukas sa lahat ng kawani ng Dibisyon ng Tacloban at kaguruan at mula sa iba't ibang paaralan.
2. Ang paligsahan ay magaganap online.
3. Isa hanggang dalawang entry ang maaaring ipasa ng bawat kalahok.
4. Wikang Filipino lamang ang gagamitin sa pagsulat ng Maikling Kuwento.
5. Binubuo ng Limang Daang salita ang buong Kuwento na isusumite.
6. Nakabatay sa tema ng Buwan ng Wikang Pambansa ang Maikling Kuwento.
7. Maaaring magbigay ng sariling pamagat ng Kuwento.
8. Ang inyong entry ay maaring ipasa sa google drive na ito:_____
9. Ang huling araw ng pagsumite ay Agosto 29, 2023 hanggang ika-lima ng hapon.
10. Mayroong tatlong kalahok na magtatamo ng mga gantimpalang:

Unang Gantimpala	1,000 Php
Ikalawang Gantimpala	700 Php
Ikatlong Gantimpala	500 Php

Samantala makatatanggap ng halagang 50.00 Php sa 10 entry na di magwawagi sa paligsahan.

11. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at di mababago.

Pamantayan sa Pagsulat ng Maikling Kuwento

Kaugnayan sa Tema	35%
Organisasyon ng Diwa	20%
Estilo o dating	25%
Orihinalidad	20%
Kabuuan	100%